Kahit na ito'y pinapahintulutan, bakit kinakailan itong gawain?

Walang sinumang nagsasaad na mayroong masama sa magkahiwalay na pagsagawa ng mga pagdarasal. Ang *Zuhr* at *'Asr* na mga dasal at *Maghrib* at *'Isha'* na mga dasal ay maaring isagawa nang magkasunod o hindi. Subalit, ang pagsagawa ng dalawang mga pagdarasal nang magkasunod ng Propeta (*s*) ay naglalarawan ng Banal na Biyaya ng Allah (*swt*) para sa kaginhawahan ng *ummah*, at may mga magandang dahilan kung bakit naging karaniwan ito para sa mga Shi'ah:

- Ang mga tao ay madalas na abala sa kanilang mga gawain at may sariling mga katungkulan at inaalala, lalung-lalo na sa bansa kung saan ang sistema ng edukasyon at pagtatrabaho ay hindi nasasaayon sa mga pangangailangan ng mga Muslim na maisagawa ang araw-araw na pagdarasal. Ang ibang mga propesyon ay nangangailangan ng mahabang oras ng patuloy at walang humpay na pagtatrabaho. Kaya, para sa kaginhawahan, at para hindi malaktawan ang ikalawa sa dalawang mga dasal, isinasagawa ng mga the Shi'ah ang kanilang mga dasal nang magkasunod, maging sa una o huling sandali, sa nakatakdang oras.

- Kung saan ang mga tao mula sa mga malalayong lugar ay nagtitipon-tipon upang isagawa ang isa sa dalawang mga pagdarasal at dahilan sa pinapahintulutan ang pagsasama-sama nito, sama-sama nilang isinasagawa ang dalawang mga pagdarasal nang magkasunod. Sa ganoong paraan, naisagawa nila ang kanilang mga obligasyon at nakalahok pa sila sa kongregasyong *(jama'ah)* pagdarasal, kaya makakamit ng karagdagang gantimpala. Iturin ang halimbawa ng pang-Biyernes na mga dasal. Ating mapapansin na libo-libo sa ating mga kapatid na Sunni ay nagsasagawa ng kanilang pang-Biyernes na mga pagdarasal sa takdang oras subalit marami sa kanilang hindi na nakakasagawa ng *'Asr* na mga pagdarasal, huwag nang sabihing ito'y sa pamamagitan ng kongregasyon. Sa kabilang dako, ang Shi'i Muslim na nagsasagawa ng pang-Biyernes na mga pagdarasal ay walang-pagbabagong isinasagawa rin ang *'Asr* na dasal nang sama-sama.

- Ang katotohanan na ang *sunnah* na ito ay hindi malawakang isinasagawa ng ating mga kapatid na Sunni ay isa pang dahilan kung bakit para sa mga Shi'ah kinakailangan nila itong panatilihing buhayin. Ibig naming malaman ng aming mga anak at ibang mga Muslim at ng salinlahi sa hinaharap na ang pagsagawa ng *Zuhr* at *'Asr*, at ng *Maghrib* at *'Isha'* na mga pagdarasal nang magkasunod ay pinapahintulutan at *sunnah* (madalas na gawi) pa ito ng Banal na Propeta (*s*).

Konklusyon:

Ang pagsasagawa ng *Zuhr* at *'Asr*, at *Maghrib* at *'Isha'* na mga pagdarasal, ay naaayon sa Qur'an at pinapahintulutan sang-ayon sa *sunnah* ng Propeta (*s*), maliban pa sa ito ay mas maginhawa. Ang katotohanan na ang may malakas na katibayang *sunnah* na ito ay hindi malawakang isinasagawa ng ating mga kapatid na Sunni ay hindi nagdudulot nito bilang hindi nababagay sa ating mga pamumuhay. Bilang ang tanyag na komentaristang Sunni ng *Sahih Muslim*, si al-Nawawi, ay kanyang isinulat:

Kung ang gawi (Sunnah) ay napatunayang autentiko, ito ay hindi pabayaan dahilan lang sa ito ay pinabayaan ng ilan, karamihan o lahat ng mga tao.
[al-Nawawi, *Sharh Sahih Muslim*, (Beirut, 1392 AH), tomo 8, p. 56]

Para sa karagdagang kaalaman hinggil sa autentikong Islam, dumalaw sa:

http://al-islam.org/faq/

v1.0

"Isagawa ang pagdarasal sa oras ng paglubog ng araw, sa kadiliman ng gabi at sa umagang pagbigkas; dahil, sa katotohanan ang umagang pagbigkas ay nasaksihan."
(Qur'an: Kabanata 17, Bersikulo 78)

Bakit Pinagsasama-sama ng mga Shi'ah ang mga Pagdarasal?

Ang mga Shi'ah ay kumikilala sa araw-araw na limang pagdarasal. Subalit, madalas nilang pinagsasama-sama ang *Zuhr* at *'Asr* na pagdarasal sa pamamagitan ng pagsagawa ng mga ito nang magkasunod sa loob ng pagsisimula ng *Zuhr* at pagtatapos ng *'Asr*. Tinuturing din nilang pinapahintulutang pagsama-samahin ang *Maghrib* at *'Isha'* na pagdarasal sa katulad na paraan. Ang gawing ito ay lubos na sang-ayon sa Qur'an at mga wastong tradisyon ng Propeta Muhammad (*s*).

Ang mga pangkat ng huresprudensiyang (*fiqh*) Sunni – maliban sa pangkat ng Hanafi – ay nagbibigay pahintulot sa pagsasama-sama ng obligatoryong pagdarasal *(al-jam` bayn al-salatayn)* sa oras ng pag-uulan, paglalakbay, o iba pang mga biglaang pangyayari o di-karaniwang kalagayan. Ang pangkat ng huresprudensiyang Hanafi ay nagbabawal sa pagsasama-sama ng mga pang-araw-araw na pagdarasal sa anumang oras, maliban sa mga pagdarasal sa *Al-Muzdalifa* sa panahon ng Hajj. Ang mga pangkat ng huresprudensiyang Maliki, Shafi'i, at Hanbali ay nagkakaisa sa pagpapahintulot sa pagsasama-sama ng mga pagdarasal kung ang tao ay naglalakbay, subalit may mga di-pagkakaunawaan tungkol sa iba pang mga dahilan. Ang pangkat ng huresprudensiyang Shi'ah Ja'fari ay nagsasaad na maaring pagsasama-samahin ang mga dasal nang walang *anumang* natatanging dahilan.

Mga oras ng pagdarasal ayon sa Qur'an

Imam Fakhr al-Din al-Razi, ang tanyag na komentaristang Sunni ng Qur'an, ay kanyang isinulat hinggil sa bersikulong sinipi (Kabanata 17, Bersikulo 78):

- "Kung ating ipilagay ang 'kadiliman' (*ghasaq*) bilang ang oras ng unang paglitaw ng kadiliman, ang salitang *ghasaq* ay tumutukoy sa pagsisimula ng *Maghrib*. Batay dito, tatlong pagsasaoras ay nabanggit sa bersikulo: 'ang oras ng tanghali, ang oras ng pagsisimula ng *Maghrib* at ang oras ng *Fajr*'. Ito ay nangangahulugan na ang 'tanghali' ay ang oras ng *Zuhr* at *'Asr*, na binabahagi sa pagitan ng dalawang pagdarasal. Ang oras ng pagsisimula ng *Maghrib* ay ang oras para sa *Maghrib* at *'Isha'* na binabahagi rin sa pagitan ng dalawang pagdarasal. Ito ay nangangahulugan ng pagpapahintulot ng pagsasama-sama ng *Zuhr* at *'Asr* at *Maghrib* at *'Isha'* sa lahat ng mga panahon. Subalit, mayroong katibayan na nagpapahiwatig na ang pagsasama-sama habang nasa bahay lamang nang walang anumang kadahilanan ay hindi pinapahintulutan. Ito ay nagbibigay-daan sa opinyon na ang pagsasama-sama ay pinapahintulutan sa oras ng paglalakbay o di kaya ay pag-ulan, atbp."
  [Fakhr al-Din al-Razi, *al-Tafsir al-Kabir*, tomo 5, p. 428]

Ating ipapakita ang mga di-maipagtatangging katibayan na ang pagsasama-sama ng mga pagdarasal nang walang anumang kadahilanan ay lubusang wasto. Subalit, malinaw na ang mga *oras* ng mga obligatoryong pagdarasal ay tatlo lamang: 1) Ang oras ng dalawang obligatoryong pagdarasal na *Zuhr* (tanghali) at *'Asr* (hapon) na binabahagi sa pagitan ng dalawa. 2) Ang oras ng dalawang pagdarasal na *Maghrib* (dapit-hapon) at *'Isha'* (gabi) ay binabahagi rin sa pagitan ng dalawa. 3) Ang oras para sa *Fajr* (umaga) na dasal na lakalaan para dito.

Pinagsama-sama rin ba ng Propeta (*s*) ang mga pagdarasal?

- Iniulat ni Ibn 'Abbas na ang Mensahero ng Allah (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay nagsagawa sa Medina ng pitong (*rak'ah*) at walong (*rak'ah*), ang ibig sabihin (pinagsama-sama) ang mga tanghali (*Zuhr*) at hapong (*'Asr*) pagdarasal (walong mga *rak'ah*) at ang mga dapit-hapon (*Maghrib*) at gabing (*'Isha'*) pagdarasal (pitong *rak'ah*).
  [*Sahih al-Bukhari* (Traduksyong Ingles), tomo 1, *kitab* 10, *hadith* 537; *Sahih Muslim* (Traduksyong Ingles), *Kitab al-Salat*, *kitab* 4, Kabanata 100 *Combination of prayers when one is resident*, *hadith* 1522]

- Si 'Abdullah b. Shaqiq ay kanyang isinalaysay: "Isang araw si Ibn 'Abbas ay nagbigay talumpati sa amin sa hapon (pagkatapos ng hapong pagdarasal) hanggang sa lumubog ang araw, ang mga bituin ay lumitaw, at ang mga tao ay nagsimulang magsabi: 'Dasal, dasal'. Isang tao mula sa Tribo ng Tamim ay dumating doon. Hindi siya nagpatumal o tumalikod, subalit (patuloy na nagsabi): 'Dasal, dasal'. Si Ibn 'Abbas ay nagsabi: "Mawalan ka sana ng iyong ina, tinuturuan mo ako ng Sunnah?" At kanyang sinabi: "Aking nakita ang Mensahero ng Allah (sumakanya nawa ang kapayapaan) na ipinagsama-sama ang mga tanghali (*Zuhr*) at hapong (*'Asr*) pagdarasal at ang mga dapit-hapon (*Maghrib*) at gabing (*'Isha'*) pagdarasal." Si 'Abdullah b. Shaqiq ay nagsabi: "May pagdududang nabuo sa aking isipan hinggil dito. Kaya pumunta ako kay Abu Huraira at aking tinanong (hinggil dito) at kanyang sinaksihan ang iginigiit niya (Ibn 'Abbas)."
  [*Sahih Muslim* (Traduksyong Ingles), Kitab al-Salat, *kitab* 4, Kabanata 100 *Combination of prayers when one is resident*, *hadith* 1523, 1524]

Subalit hindi ba ito dahilan sa paglalakbay, takot, o ulan?

Maraming mga tradisyon mula sa Propeta (*s*) na malinaw na nagpahayag na madalas niyang pinagsasama-sama ang mga pagdarasal *kahit na* walang anumang dahilan.

- Ang Propeta (*s*) ay nagdasal sa Medina, habang nakatira roon, ***hindi naglalakbay***, pito at walo (ito ay nagpapahiwatig ng pitong *rak'ah* ng *Maghrib* at *'Isha'* na pinagsama, at walong *rak'ah* ng *Zuhr* at *'Asr* na pinagsama).
  [Ahmad ibn Hanbal, *al-Musnad*, tomo 1, pahina 221]

- Ang Propeta (*s*) ay nagdasal ng *Zuhr* at *'Asr* nang magkasunod, at *Maghrib* at *'Isha'* nang magkasunod ***na walang anumang dahilang dulot ng pagkatakot o paglalakbay***.
  [Malik ibn Anas, *al-Muwatta*', tomo 1, pahina 161]

Sa katotohanan, sa ibang mga tradisyon sa atin pa ipinaalam ang pagkamakatwiran ng gawing ito ng Propeta (*s*). **Ito ay para sa kaginhawahan ng *ummah*!**

- Isinalaysay ni Ibn 'Abbas na pinagsunod ng Mensahero ng Allah (*s*) ang tanghaling pagdarasal sa hapong pagdarasal at ang takip-silim na pagdarasal sa pagdarasal na *'Isha'* sa Medina ***nang walang kinatatakutan o ulan***. At sa *hadith* na isinalaysay ni Waki' (ganito ang isinaad): "Itinanong ko kay Ibn 'Abbas: 'Ano ang nag-udyok sa kanyang gawin iyon?' Kanyang sinabi: **'Upang ang kanyang *ummah* (*ummah* ng Propeta) ay hindi makaranas ng (walang kabuluhang) kahirapan'.**"
  [*Sahih Muslim* (Traduksyong Ingles), Kitab al-Salat, *kitab* 4, Kabanata 100 *Combination of prayers when one is resident*, *hadith* 1520; *Sunan al-Tirmidhi*, tomo 1, p. 26]

- Isinagawa ng Mensahero ng Allah (*s*) ang mga tanghali at hapong pagdarasal nang magkasunod sa Medina ***nang walang kinatatakutan at hindi sa panahong paglalakbay***. Si Abu Zubair ay nagsabi: "Tinanong ko si Sa'id (isa sa mga nagsalaysay) kung bakit niya (Propeta) ginawa ito. Kanyang sinabi: 'Itinanong ko rin ito kay Ibn 'Abbas, at kanyang sinagot na **ibig niya (ang Banal na Propeta) na walang sinuman sa kanyang *ummah* ang makaranas ng (walang kabuluhang) kahirapan.**"

[*Sahih Muslim* (Traduksyong Ingles), Kitab al-Salat, *kitab* 4, Kabanata 100 *Combination of prayers when one is resident*, *hadith* 1516]